JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Mosunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan Modyul 2:
## Pagmamahal sa Diyos, Pagmamahal sa Kapwa



Pangalan ng Mag-aaral: ____________________________

Baitang at Seksyon: ____________________________

Paaralan: ____________________________



# Alamin

Maraming katangian ang mga Pilipino na dapat ipagmalaki at isa sa mga ito ay ang pagka madasalin. Malaki ang pagtitiwala ng mga Pilipino sa Panginoon kaya makikita mo sa karamihan sa pamilyang Pilipino ay palaging nagsisimba. Malakas ang paniniwala ng mga Pilipino na may isang nilalang na lumikha sa atin na handang tugunan ang ating mga hinaing at pangangailangan. Para sa mga Pilipino, walang ibang pwedeng makatulong sa paglutas sa anumang suliranin mayroon tayo sa buhay kundi ang Panginoon lamang. Kaya ganoon na lamang ang katapatan ng mga Pilipino sa kanilang pananampalataya. Isa sa patotoo na may malakas na pananampalataya ng mga Pilipino sa Diyos ay ang pagkamadasalin nito.

Sa modyul na ito, aalamin mo ang kabutihang naidulot sa pakikiisa sa pagdarasal sa Diyos sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pahayag o sitwasyong nakapaloob sa bawat gawain ng aralin na nagpapamalas ng positibong resulta ng iyong pagdarasal sa Diyos. At nararapat mo ring mauunawaan na ang pagpapahalaga at pakikiisa sa pagdarasal ay para sa pagkamit ng ikabubuti ng lahat..

**Kasanayang Pampagkatuto**:

Nakapagpapakita nang tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng pakikiisa sa pagdarasal para sa kabutihan ng lahat. **(EsP5PDa-d-14)**



## Subukin

**Panuto**: Basahin at unawain ang mga tanong. Isulat ang titik ng wastong sagot sa patlang na nakaraan bago ang bilang.

_______ 1. Ano ang dahilan bakit kailangan magdasal ang tao?

A. Ito ay pagsunod sa utos ng Diyos
B. Ito ay pagpapakita ng pagmamahal sa Diyos
C. Ito ay pananalig sa Diyos
D. Lahat ng nabanggit

_______2. Ano ang tamang gawi at kilos ng taong palaging nagdarasal?

A. Tumutulong sa mga taong pinagkakautangan ng loob
B. May malasakit sa kapwa at kusang loob na tumutulong na walang hinihintay na kapalit
C. Pagbibigay tulong sa taong palaging nagbibigay ng tulong sa iyo
D. Gumagawa ng kabutihan sa mga taong gumagawa ng mabuti sa iyo

______ 3. Nag uumpisa nang pumutok ang bulkang taal, lahat ng iyong ka barangay ay natataranta sa pangyayari.

Bilang isang batang nasa ika-limang baitang, Alin sa sumusunod ang pwede mong gawin?

A. Makiisa sa pagdarasal para sa kaligtasan ng lahat
B. Maglaro kasama ang mga kaibigan
C. Pagtawanan ang mga kabarangay na natataranta sa sitwasyon
D. Pagtawanan ang mga taong nagdadasal

______ 4. May nakita kang pamilyang naghihirap ang kalagayan.

Ano ang pwede mong maitulong?

A. Mag alay ng dasal para sa ikabubuti ng pamilya.
B. Tingnan sila ng masama
C. Bigyan sila ng tira-tirang pagkain.
D. Magasawalang kibo sa nakita.

________5. Alin ang HINDI kasali sa mabuting epekto sa pagdarasal?

A. Ito ay pag-aaksaya sa oras ng tao
B. Ito ay nagdudulot ng kasiyahan sa tao
C. Ito ay nakapagdudulot ng kapayapaan sa tao
D. Ito ay nakakagaan ng loob dahil alam natin na dininig ng Diyos ang ating panalangin

**Modyul 2**

# Pagmamahal sa Diyos, Pagmamahal sa Kapwa



## Balikan

Sa nagdaang modyul, napagtanto mo na ang pakikipagkapwa ay mahalaga tungo sa pagpapatibay ng iyong ugnayan sa iba bilang iyong kapwa sa lipunan.

Sa gawaing ito, babalikan mo ang iyong mga natutunan ukol sa mga kaisipan o konseptong napag-aralan at isinabuhay sa araw-araw mong pamumuhay sa lipunan.

**Gawain 1: I-TSEK, AKO ITO!**

PANUTO: Lagyan ng tsek (/) ang angkop na hanay na may paglalarawang angkop sa iyo. Basahin at unawaing mabuti, pagkatapos ay sagutin mo ng may katapatan ang bawat bilang.

| Mga Paglalarawan | Palagi | Minsan | Hindi Kailanman |
|---|---|---|---|
| 1. Ibinabahagi ko ang aking pagkain o mga bagay na mayroon ako sa iba. | | | |
| 2. Nakikiramay ako sa mga aking kapwa na namamatayan. | | | |
| 3. Tumutulong ako sa pagpapanatili ng kalinisan at katahimikan ng aming komunidad. | | | |
| 4. Umiiwas ako sa anumang mang gulo o pakikipag-away sa aking kapwa-tao. | | | |
| 5. Dinadalaw ko ang aking kapitbahay  na mayroong karamdaman o sakit. | | | |

**Sagutin ang mga sumusunod:**

1. Anu-ano ang natuklasan mo sa iyong sarili base sa mga naging sagot? Ipaliwanag.

2. Sa mga bilang na sinagutan mo ng PALAGI, ano ang bagay na tunay na naglalarawan sa iyong sarili? Bakit?


3. Anu-ano ang natuklasan mo sa iyong sarili kaugnay ng mga bilang na sinagutan mo ng MINSAN at sa bilang na sinagutan mo ng HINDI?



## Tuklasin

**Gawain 2: PIK-TUKLAS**

PANUTO: Tingnan ang larawan. Bigyan ng paliwanag ang mga sumusunod na tanong.



1. Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Bakit kaya siya nagdadasal?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Kayo din ba ay nagdadasal? Ano ang kadalasan ninyong idinadasal?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



## Suriin

Ang pagmamahal sa kapwa ay pagpapakita ng paggalang, pagrespeto, at pagmamalasakit sa kanila. Ito ang pagsunod sa pangalawang dakilang utos ng Panginoon na mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng sa iyong sarili.

Maaaring maipakita ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kapwa sa ibat-ibang sitwasyon tulad ng pagbibigay ng tulong na walang hinihintay na kapalit, at pagiging matulungin sa panahon na nakakaranas ng matinding kalamidad, sakuna, at delubyo.

Ito ang gawaing kusang-loob na ibinibigay sa kapwa na walang hinihintay na kapalit. Maging ang pakikiisa sa pagdarasal para sa kapwa ay isa rin sa mga halimbawa ng pagpapakita ng pagmamalasakit at pagmamahal para sa iba.

Mahalaga ang pagmamahal sa kapwa dahil ang tao ay ginawa ng Panginoong Diyos na may kasama sa mundo. Walang sinuman ang nabubuhay sa mundo para sa sarili lamang. Bilang anak ng Diyos, tungkulin natin na mahalin ang ating kapwa sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti sa kanila. Ito ang pinakatanging paraan upang makiisa tayo sa pagpapalaganap ng kabutihan hindi lamang sa sarili kundi maging sa ating kapwa.



## Pagyamanin

**Gawain 3: IPALIWANAG MO ITO!**

PANUTO: Suriin ang mga sumusunod na sitwasyon at ibigay ang kabutihang naidudulot nito.

| Ang Tamang Motibo sa Pagdarasal | Kabutihang Naidudulot |
|---|---|
| 1. Nakasakay kayo sa barko, biglang umihip ang malakas na hangin at humambalos ang malalaking alon. Nagadasal ang mga pasahero. | |

| | |
|---|---|
| 2. Kahit patuloy pa rin ang pandemya dulot ng covid 19, marami pa ring mga tao ang pumupunta sa simbahan upang magdasal. | |



## Isaisip

**Gawain 4: GAWIN MO TO!**

PANUTO: Punan ang bawat patlang ng angkop na salita na nasa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| pagkamadasalin | nagbibigay |
| pagmamahal | tumatanggap |
| kinalulugdan | umaasa |
| pasasalamat | |

Ang______________________________ay isang katangian na dapat taglay ng bawat tao. Ang pagbibigay ng pasasalamat sa Diyos______________________sa kapwa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng iyong biyaya ay mga gawaing __________________________ng Diyos. Tanda na pinagpapala ang____________________________ kaysa sa____________________.



## Isagawa

**Gawain 5: IGUHIT MO AKO!**

PANUTO: Gumuhit ng isang puno na may mga bunga sa loob ng kahon. Isulat sa mga bunga ang gawi ng nagpapakita ng pakiki-isa sa pagdarasal para sa kabutihan ng iyong kapwa.



# Tayahin

**PANUTO**: Basahin at unawain ang mga tanong. Isulat ang titik ng wastong sagot sa patlang.

__________1. Alin sa nabanggit ang nagpapakita ng tamang motibo sa pagdarasal sa Diyos?

A. Para makamtan ang kayamanan na inasam para maipagmalaki sa mga kaibigan
B. Para magkakaroon ng biyaya para mabili ang mga gusto sa buhay
C. Para maipakita sa Diyos ang ating pananalig at pagmamahal sa Kanya
D. Para ipakita sa mga tao na malakas ka sa Diyos

__________2. Bilang isang mamamayan ng inyong lugar, paano mo maipapakita ang pagmamahal sa Diyos?

A. Tatangging mamuno sa pagdarasal
B. Aktibong lumahok sa mga gawaing panrelihiyon
C. Sasama sa simbahan para makita ang mga kaibigan
D. Sisimba kung may problema

__________3. Alin ang HINDI nagpapakita ng mabuting epekto sa pagdarasal sa kapwa?

A. Ito ay pag-aaksaya sa oras ng tao
B. Ito ay nagdudulot ng kasiyahan sa tao
C. Ito ay nakapagdudulot ng kapayapaan sa tao
D. Ito ay nakakagaan ng loob dahil alam natin na dininig ng Diyos ang ating panalangin

__________4. Paano mo makukumbinse ang kamag-anak mo na magdasal sa Panginoon?

A. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng tamang gawi at kilos sa kanila dulot ng pagdarasal
B. Sa pamamagitan ng pananakot sa kanila na hindi sila makatanggap ng biyaya kung hindi sila manalangin sa Panginoon.
C. Sa pamamagitan ng pagpwersa sa kanila na sasama sa simbahan
D. Sa pamamagitan ng pagmamalaki sa kanila na ikaw ay espesyal ng Panginoon

__________5.

| |
|---|
| Nasalanta ng bagyong Ulysses ang inyong lugar. Hinikayat ng punong barangay na magtipon at mag alay ng dasal ang lahat. |

Bakit kailangan mong makiisa sa pagdarasal?

A. Ito ay pagsunod sa iyong mga luho.
B. Ito ay pagpapakita ng pananalig sa Diyos.
C. Ito ay paraan ng pakikisama.
D. Ito ay paraan ng pakikipagkaibigan.



# Karagdagang Gawain

**Gawain 6: KAKAYANIN KO ITO!**

PANUTO: Makipag panayam ka sa iyong kapitbahay na aktibong lumalahok sa simbahan at itanong ang mga sumusunod:

1. Mahalaga ba ang pagdarasal? Bakit?

2. Ano ang kabutihang naidudulot ng pagdarasal?

3. Ipinagdadasal din ba ninyo ang iyong kapwa? Bakit?



# Sanggunian

Llewor D Great ..lleworship.blogspot, April 30, 2019,www. https://lleworship.blogspot.com.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


Mga Manunulat: **Jinly J. Enopia**
Teacher-I
Titay National High School
Zamboanga Sibugay Division

**Mary Ann B. Labiano**
Master Teacher I
Titay National High School
Zamboanga Sibugay Division

Editor: Ma. Lilia E. Fernandez
Randolf O. Morada
Maricris T. Pantollana

Tagasuri: Maricel L. Tercio
Ronald K. Manlupig

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagaguhit: Jinly J. Enopia

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*